American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-12, pp-172-180
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Pagbabago ng Bokabularyo sa Panahon ng Social Media: Isang Pag-aaral sa mga Napapanahong Salita at Initialism ng Kabataan

Belinda C. Parrilla[1], John Carlo Luna[2], Rachelle A. Fabelinia[3], Dr. Baby S. Abagon[4]
*President Ramon Magsaysay State University*

**ABSTRACT:** Sa mabilis na pag-unlad ng makabagong teknolohiya, ang social media ay nagiging pangunahing daluyan ng komunikasyon ng kabataan. Kasabay nito ang ebolusyon ng mga bagong salita na nabuo sa iba't ibang pamamaraan ng pagbabalbal na ginagamit ng mga kabataan sa iba't ibang plataporma ng sosyal medya partikular ang Fcaebook, Instagram at Tiktok at epekto nito sa bokabularyo. Sinikap sagutin sa pag-aaral ang mga suliraning1. Ano ang mga napapanahong salita na madalas gamitin ng mga kabataan sa social media, kabilang na sa Facebook; Instagram; Tiktok? 2. Ano ang napapanahong initialism o chat abbreviation ang ginagamit sa social media?3. Ano ang epekto ng mga napapanahong salita sa bokabularyo ng mga tao partikular sa mga kabataan? Ang isinagawang pag-aaral ay gumamit ng kwalitatibong pagsusuri sa mga komento, kapsyon, at post mula sa iba't ibang social media platform tulad ng Facebook, Instagram, at Tiktok. Sinuri ang mga napapanahong salita, akronim at slang kung paano ito nabubuo, ginagamit, at nakaaapekto sa bokabularyo ng kabataan. Lumabas sa pagsusuri na ang mga salitang balbal na ginagamit ng kabataan ay dumaraan sa iba't ibang prosesong lingguwistiko tula ng pagpapaikli ("jan," "ayoko"), pagpapalit o pagpapastayl ng letra ("qpal," "beshy"), pagbabaliktad ("omsim," "amats"), at semantikong pagbabago ("awit," "toyo"). Sa Instagram naman, lumitaw ang mga salitang hinango mula sa Ingles at kultura ng social media tulad ng "flex," "ghost," "shiminet," at "lowkey." Sa TikTok, namayani ang mga terminong tulad ng "bet," "delulu," "xd," at "mi," na madalas ginagamit sa konteksto ng humor, pakikipagbiruan, at identity expression. Sa kategoryang Akronim, nakita ang laganap na paggamit ng "fyp," "ty," "tbh," "pov," "iykyk," at "jk," na nagsisilbing paraan upang mapabilis ang komunikasyon. Sa kabuuan, napatunayan na ang wikang balbal ay patuloy na umuusbong bilang makabuluhang anyo ng komunikasyon ng kabataang Pilipino sa digital na panahon.

***KEYWORDS:*** *Social media, Facebook, Instagram, Tiktok, Balbal, Slang, Akronim, Digital na Panahon, Wika*

## I. INTRODUKSYON

Sa mabilis na pag-usbong ng teknolohiya at paglaganap ng social media, nagbabago rin ang paraan ng komunikasyon ng kabataang Pilipino. Ang mga platform tulad ng Facebook, Instagram, at TikTok ay hindi na lamang nagsisilbing espasyo para sa libangan, kundi naging makapangyarihang daluyan ng paglikha at pagpapalaganap ng mga bagong salita at ekspresyon. Sa ganitong digital na kapaligiran umuusbong ang mga anyo ng wikang balbal, slang, at akronim na nagiging bahagi ng pang araw-araw na diskurso ng kabataan.

Ang wikang balbal ay matagal nang kinikilalang dinamiko at patuloy na nagbabago batay sa konteksto ng lipunan. Gayunpaman, sa panahon ng social media, lalo itong nagiging mas malikhain, mabilis kumalat, at mas napapakinabangan sa pagpapahayag ng identidad, emosyon, at pakikipagkapwa. Ang mga salitang tulad ng "beshy," "awit," "kebs," "shiminet," "delulu," at "fyp" ay halimbawa ng mga neolohismong nabubuo mula sa proseso ng pagpapaikli, pagbabaliktad, pagpapastayl ng letra, at pagbibigay ng bagong kahulugan. Ang mga pagbabagong ito ay hindi lamang usong wika; mga repleksyon ito ng kulturang digital na ginagalawan ng kabataan.

Sa pag-aaral nina Cruz at Mendoza (2023) at Salsabila et al. (2024), pinatutunayan na ang social media ang pangunahing lunsaran ng paglikha ng makabagong wika dahil sa bilis ng interaksyon at impluwensya ng peer groups. Dagdag pa rito, ipinakikita ng mga pag-aaral na ang kabataan, partikular ang Generation Z, ang pinakamalaking tagapagtaguyod ng mga salitang ito dahil sa kanilang malapit na ugnayan sa teknolohiya at online culture. Samantala, ang patuloy na paglitaw ng mga akronim tulad ng "tbh," "jk," "pov," at "iykyk" ay

naglalarawan kung paano pinadadali at pinabibilis ng kabataan ang komunikasyon sa digital na espasyo.
Sa harap ng tuloy-tuloy na ebolusyong ito, nagiging mahalagang usapin ang pag-unawa sa wikang balbal bilang bahagi ng kontemporanyong wika at kulturang Pilipino. Bagama't maaaring tingnan bilang impormal o hindi pormal na wika, ang mga salitang ito ay may mahalagang papel sa paghubog ng identidad, ugnayan, at ekspresyon ng kabataan. Kaya naman, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang napapanahong salitang balbal sa social media, tukuyin ang kanilang anyo, gamit, at pinagmulan, at maunawaan ang mas malalim na implikasyon nito sa pagbabago ng wika sa digital na panahon.sa kultura at identidad ng bansa.

## II. LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong surrin ang pag-usbong at paggamit ng mga napapanahong salita sa social media. Ito ay naglalayong masagot ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang mga napapanahong salita na madalas gamitin ng mga kabataan sa social media, kabilang na sa Facebook; Instagram; Tiktok?
2. Ano ang napapanahong initialism o chat abbreviation ang ginagamit sa social media?
3. Ano ang epekto ng mga napapanahong salita sa bokabularyo ng mga tao partikular sa mga kabataan?

## III. METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay isang kualitatibong pananaliksik na gumagamit ng deskriptibong disenyo. Angkop ang metodolohiyang ito dahil layunin ng pananaliksik na ilarawan at unawain ang mga napapanahong salita na ginagamit ng kabataan sa social media, pati na rin ang paraan ng kanilang pagbuo at ang epekto nito sa bokabularyo at paraan ng komunikasyon. Sa pamamagitan ng deskriptibong disenyo, masusuri ang mga lingguwistikong aspeto ng wika sa aktwal na konteksto at maipapakita ang pagbabago at pag-usbong ng wikang balbal sa digital na panahon.

Ang datos ng pananaliksik ay kinuha mula sa tatlong pangunahing social media platforms: Facebook, Instagram, at TikTok. Ang mga kalahok ay binubuo ng kabataang aktibo sa social media, na naglalathala o nagko-komento sa mga paksang pangkabataan, libangan, at pang-araw-araw na usapan. Upang magkaroon ng sapat na representasyon, mangongolekta ang mananaliksik ng tig-labinlimang post mula sa bawat platform, na kabuuang 45 post. Pinili lamang ang mga post na naglalaman ng napapanahong salita, slang, o akronim, upang masuri ang pag-usbong at paggamit ng wikang balbal.

Gumamit ang mananaliksik ng documentary method bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ang mga post at komento ng kabataan sa social media ay kinuhanan ng screenshot at inilagay sa talaan para sa pagsusuri. Ang pamamaraan na ito ay nakatuon sa aktwal na paggamit ng wika sa social media, na nagbibigay ng authentic at sistematikong datos para sa mas malalim na pagsusuri.

Sa pangangalap ng datos, inobserbahan ng mananaliksik ang news feed sa Facebook, home feed at timeline sa Instagram, at *For You Page* sa TikTok. Dito, tinukoy ang mga post at komento na naglalaman ng napapanahong salita. Bawat nakuhang salita ay itinala at isinama sa talaan para sa pagsusuri. Matapos makolekta ang lahat ng datos, isinagawa ang sistematikong pagsusuri upang tukuyin ang katangian ng mga salita, kabilang ang morpolohikal at semantikong pagbabago, ang orihinal na pinagmulan, at ang konteksto ng paggamit.

Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng ilang hakbang. Una, inuri ang mga salita batay sa kategoryang balbal, slang, o akronim, at tinukoy ang kanilang orihinal na salita o pinagmulan. Pangalawa, itinukoy ang kahulugan ng bawat salita ayon sa aktwal na paggamit ng kabataan at sa konteksto kung saan ito lumitaw, tulad ng pagpapahayag ng humor, identidad, o damdamin. Pangatlo, sinuri ang morpolohikal at semantikong pagbabago ng mga salita, kabilang ang pagpapaikli, pagbabaliktad, pagpapalit ng letra, at pagbuo ng akronim o initialism. Sa huli, tinukoy ang epekto ng mga napapanahong salita sa paraan ng komunikasyon at bokabularyo ng kabataan sa social media.

Upang masiguro ang pagiging etikal at pagsunod sa Data Privacy Act of 2012, lahat ng personal na impormasyon tulad ng pangalan, username, at larawan ng mga gumagamit ay tinakpan o binura bago isama sa pananaliksik. Tinitiyak nito na nananatiling protektado ang pagkakakilanlan ng mga kalahok habang ginagamit ang kanilang mga post bilang datos.

Ang metodolohiyang ito ay nagbibigay-daan upang masuri nang malalim at sistematiko ang malikhaing paggamit ng wika ng kabataan sa social media. Ang deskriptibong kualitatibong disenyo ay angkop sapagkat nagbibigay ito ng malinaw at makabuluhang paglalarawan ng pagbabago at pag-usbong ng wikang balbal sa digital na panahon, pati na rin ang epekto nito sa bokabularyo at komunikasyon ng kabataan.

## IV. RESULTA AT INTERPRESTASYON

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga resulta at pag-analisa batay sa mga datos na nakalap.

**Talahanayan 1.**
**Talaan ng Mga napapanahong salita na madalas gamitin ng mga kabataan sa social media ayon sa Facebook.**

| Mga Salita | Orihinal na Salita | Kahulugan batay sa paggamit ng mga Kabataan sa Facebook |
|---|---|---|
| qpal- | kupal | Ginagamit kapag sinasabing "ang kapal ng mukha," pero pinaikli at pina-stylize ang spelling. |
| ayoko- | Ayaw ko | Direktang pahayag ng pagtanggi o hindi pagsang-ayon. |
| beshy- | besh / bestfriend | Pina-cute na tawag sa matalik na kaibigan; ginagamit bilang birong tawagan. |
| jowa- | asawa / nobyo / nobya | Kasintahan o partner sa relasyon. |
| jan- | diyan | Pinaikling anyo ng "diyan"; madalas sa casual na chat. |
| yarn- | iyan | Ginagamit sa pabirong pagtuturo o pag-highlight ng isang bagay o tao ("Ay, yarn?!"). |
| yosi | sigarilyo | Tawag sa sigarilyo; madalas ginagamit sa mga paanyaya ("yosi break"). |
| kosah- | kosa | Ginagamit para tumukoy sa taong malapit sa'yo o kadalasang kasama sa gimikan o barkadahan. |
| awit- | awit | Slang para sa "ang sakit" o "ang hirap," ginagamit kapag may nakakaawang o nakakadismayang sitwasyon. |
| ekis- | X | Ibig sabihin ay mali, bawal, o hindi pwede; ginagamit bilang "cancel" o "no more." |
| trippings- | trip | Tumutukoy sa mga ginagawa para lang sa kasiyahan o kalokohan ("trippings lang"). |
| repa- | pare | Tawag sa kaibigan o tropa. |
| toyo- | toyo | Slang para sa mood swings, kadalasang sa isang tao na madaling mainis. |
| chiks- | chicks | Tawag sa babae, kadalasang may ibig sabihing kaakit-akit. |
| hustlah- | hustler | Isang taong madiskarte, kumakayod, o laging may raket. |

Ipinalulutang ng Talahanayan 1 ang mga makabagong salitang ginagamit ng kabataan sa Facebook bilang bahagi ng kanilang modernong paraan ng komunikasyon sa social media. Ang patuloy na paglitaw ng mga salitang balbal na ito ay sumasalamin sa dinamiko at malikhaing paggamit ng wika ng kabataang Pilipino sa digital na espasyo. Ayon sa *WikaGenZ 2: The Development of Language among Filipino Youth* (2025), ang social media ang pangunahing nagiging lunsaran ng pagbuo ng mga bagong salita at ekspresyon na ginagamit ng Gen Z sa araw-araw na komunikasyon, bagay na makikita mismo sa mga salitang nasa talaan.

Masusuri na karamihan sa mga salita sa nakalista ay dumaan sa prosesong lingguwistiko gaya ng pagpapaikli, pagpapalit ng letra, at pagbibigay ng bagong kahulugan. Ayon kina Cruz, J. P. at Mendoza, R. L. (2023), sa kanilang pag-aaral na pinamagatang "*Forda Ferson: The Morphological Structure of Generation Z Slang in Social Media*" ay nagpapatunay na nagpapakitang karaniwang binabago ng kabataan ang istruktura ng mga salita upang maging mas mabilis, mas maging mapaglarong tunog o *playful*, at mas akma sa ritmo ng online communication. Halimbawa nito ang mga salitang "qpal," "ayoko," "beshy," "jowa," "yarn," at "jan" ay malinaw na produkto ng ganitong morpolohikal na pagbabago.

Mapapansin din na maraming salitang balbal ang nagkakaroon ng bagong emosyonal na kahulugan. Pinatutunayan ito ng pag-aaral nina Bautista, H. K. (2025), sa pag-aaral na pinamagatang "*A Semantic and Morphological Analysis of Filipino Social Media Lexicon*", nagpapakita na ang mga neolohismo sa social media ay kadalasang nagiging daluyan ng emosyon at personal na ekspresyon. Kasama rito ang "awit," na nagiging simbolo ng pagkadismaya, at "toyo," na tumutukoy sa pabagu-bagong mood o emosyon. Ito ay ang mga salitang nakatutulong upang mas mailarawan ng kabataan ang kanilang damdamin sa mas mapaglarong paraan.

Makikita rin ang papel ng komunidad o barkadahan sa pagbuo ng wika. Ayon sa *Factors Influencing the Use of Slang Language Among Generation Z Students* (2025), ang peer influence ang isa sa pinakamalakas na salik sa paglaganap ng slang. Napatutunayan ito ng mga salitang "yosi," "chiks," "repa," "kosah," at "trippings" na nagpapakita ng kolektibong identidad at ugnayan sa loob ng isang grupo. Ang ganitong *"in- group language"* ay nagiging instrumento ng pagiging kasama sa isang grupo o tintawag na pagiging "in", at pagkakaintindihan sa loob ng kabataang komunidad.

Sa kabilang banda, mapapansin rin ang impluwensiya ng pop culture at biswal na midya sa pagbuo ng slang. Sa pag-aaral ni Sawe, M. (2025), na pinamagatan "*Digital Identity and Linguistic Play: Filipino TikTok Slang among Gen Z*", na nagpapakitang malaki ang papel ng mga trending visuals, memes, at video culture sa paghubog ng wika ng kabataan. Ang paggamit ng "ekis" bilang simbolo ng mali o "hustlah" bilang

pagpapalakas ng imahe ng pagiging madiskarte ay patunay na ang visual culture ay may direktang epekto sa porma at gamit ng salita.

Hindi lamang social media ang nagiging pinagmumulan ng mga bagong salita; may iba ring baryasyon ng balbal sa lipunan. Halimbawa, ipinakita ng pag-aaral na *Swardspeak as a Communication Medium Among University Students* (2023) na ang swardspeak ay patuloy na ginagamit ng kabataan upang ipahayag ang kanilang personalidad at komunidad. Bagaman nakahiwalay ito sa mainstream na balbal, pinatutunayan nitong ang pagbuo at pagbabago ng wika ay nakaugat sa identidad at pakikipagkapwa — prinsipyo ring makikita sa mga salitang popular sa Facebook ngayon.

Dagdag pa rito, tinalakay sa *Gen Z's Language Identity and Contemporary Philosophies in the Digital Era* (2025) na ang pagsabay ng kabataan sa mga bagong salita ay hindi lamang dahil sa uso kundi dahil ito ay bahagi ng pagbuo ng kanilang digital identity. Ang kanilang paggamit ng slang ay nagiging representasyon ng kanilang humor, pananaw, at pakikilahok sa kultura ng social media.

Sa huli, ipinakita ng *Translating Filipino Slangs: Localization of Neologisms* (2024) na ang mga bagong salitang balbal ay dumadaan sa proseso ng lokalisasyon, kung saan binibigyan ng partikular na kontekstong Pilipino ang mga salita upang maging mas akma sa karanasan at kultura ng kabataan. Ito ang dahilan kung bakit ang slang ay mabilis na natatanggap at nagiging bahagi ng pang-araw-araw na wika.

Sa kabuuan, ang mga salitang balbal sa Facebook ay hindi lamang simpleng uso; ito ay bahagi ng patuloy na ebolusyon ng wika at identidad ng kabataan. Sa tulong ng iba't ibang pag-aaral, malinaw na ang wikang ito ay nagsisilbing kasangkapan ng ekspresyon, pakikipag-ugnayan, at pagkakakilanlan sa digital na panahon. Kaya mahalagang pag-aralan at unawain ang wikang balbal upang mas maunawaan ang kulturang pangwika at karanasan ng kabataang Pilipino.

**Talahanayan 2.**
**Talaan ng Mga napapanahong salita na madalas gamitin ng mga kabataan sa social media ayon sa Instagram**

| Mga Salita | Orihinal na Salita | Kahulugan batay sa paggamit ng mga Kabataan sa Instagram |
|---|---|---|
| shiminet | she may not | Ginagamit upang mailabas ang mga puna at tanong ng publiko tungkol sa transparency at accountability ng mga opisyal ng pamahalaan |
| nonchalant | nonchalant | Nagpapakita ng kawalang interes o hindi gaanong pagpapahalaga sa isang sitwasyon. |
| kebs | keribels | Ginagamit para ipakitang hindi sila hirap o handa sila. |
| ermats | mother | Impormal na salita na ang ibig sabihin ay ina. |
| petpeeve | petpeeve | Tumutukoy sa mga bagay, ugali o kilos na nakakainis o nakakairita sa isang tao kahit maliit lang ito. |
| ngani | talaga o nga | Ginagamit bilang reaksyon o sagot sa comments. |
| omsim | mismo | Para magbigay ng funny o light na vibe. |
| flex | flex | Magpakita o ipagyabang ang isang bagay, kadalasan sa social media. |
| lowkey | lowkey | Ipahayag ang isang bagay na palihim o hindi lantaran. |
| ghost | ghost | Bigla na lang hindi mag-reply, umiwas o nawala nang walang paliwanag. |

Ipinalulutang ng talahanayan 2 ang mga salitang nalikom mula sa mga komento at kapsyon (caption) ng mga tagatugon sa Instagram, batay sa Slang na ginagamit ng kabataan sa social media. Ayon sa pag-aaral nina Salsabila et al. (2024), binanggit na malawakang ginagamit ngayon ang slang sa komunikasyon. Ang slang ay isang kolokyal na uri ng wika na ginagamit sa mga pangkat panlipunan upang mapabilis at maging simple ang pakikipagkomunikasyon.

Makikita sa kategoryang Slang ang mga bagong salitang nabuo ng mga kabataan sa social media kabilang na ang mga salitang Ingles. Halimbawa ng salitang ito ay ang "shiminet" na ginagamit upang mailabas ang mga puna at tanong ng publiko tungkol sa transparency at accountability ng mga opisyal ng pamahalaan o

kilala mula sa orihinal na salita na “she may not”. Ayon kay Santiago (2024), ito ang nauusong ekspresyon ng mg Filipino matapos itong maging top trending sa social media.Ito raw ay nanggaling sa sagot ng ating Vice President Sara Duterte na “she may not like my answer”, “she may not like how I answer” na kalaunan ay pinuna ng mga netizens ang pagbigkas ni VP Sara ng salitang “She may not” na kapag pinakinggan nang paulit-ulit ay nagiging “Shi-mi-net.” Nauso rin ang paggamit ng salitang “nonchalant” na nagpapakita ng kawalang interes o hindi gaanong pagpapahalaga sa isang sitwasyon. Sa konteksto ng social media, nauso ang "nonchalant" bilang isang vibe o aesthetic na nagpapakita ng pagiging chill at effortless na personalidad, na tipong parang hindi mo sinasadyang maganda o maayos ang isang bagay, pero halatang pinaghandaan, De Leon (2024). Mapapansin din ang paggamit ng mga salitang Ingles gaya ng “petpeeve” na tumutukoy sa mga bagay, ugali o kilos na nakakainis o nakakairita sa isang tao kahit maliit lang ito. “flex” upang magpakita o ipagyabang ang isang bagay, kadalasan sa social media. Nandiyan din ang salitang “ghost” o “ghosting” na bigla na lang hindi mag-reply, umiwas o nawala nang walang paliwanag. Ang “lowkey” na nangangahulugang ipahayag ang isang bagay na palihim o hindi lantaran. Ayon sa pag-aaral ni Mahardika (2024), sinuri kung paano napapadali ng social media ang mabilis na pagkalat ng slang, kaya’t nagiging talamak at nauuso sa mga kabataan.

Ang salitang “ermats” na napapanahong tawag sa mga ina na nanggaling sa orihinal na salita na “mother”. Ang paggamit ng salitang “kebs” para ipakitang hindi sila hirap o handa sila na nanggaling sa orihinal na salita na “keribels”. Nauso rin ang mga salitang binaliktad gaya ng “omsim” na ginagamit para magbigay ng funny o light na vibe na nanggaling sa orihinal na salita na “mismo”. Ang salitang “ngani” na ginagamit bilang reaksyon o sagot sa comments na nanggaling sa orihinal na salita na “talaga o nga”. Ang mga salitang ito ay madalas gamitin ng mga kabataan at malimit ding makita sa mga kapsyon at komento.

Ipinakita sa pag-aaral ni Noval (2021), na ang pinakakaraniwang paraan ng paglikha ng mga salitang slang ay ang pagsasama o pinaghalong anyo ng salita. Saad pa niya dahil dito, nagagamit ang mga slang na termino para sa aliwan, pagpapakita ng sariling damdamin at pagkakakilanlan, pakikiuso at pakikipag-ugnayan sa iba. Dagdag pa ni Velasquez (2023), dulot ng pagbabagong nagaganap sa wikang Filipino ay nabuo ang wikang balbal na siyang namayani sa kabataan ngayon dahil ditto hindi mapigilan ang paggamit ng mga platporma sa online tulad ng Facebook atbp na nagdulot ng patuloy na pagtangkilik ng mga gumagamit.

Kasabay ng makabagong panahon ay siya ring pagbabago ng wika, isang patunay lamang na ang ating wika ay nananatiling buhay sa paglipas ng panahon. Isa na sa pagbabagong ito ang paglaganap ng mga salita sa social media na ginagamit sa pakikipagkomunikasyon. Ang mga naglipanang salitang balbal ay dulot ng pagbabagong nararanasan sa ating wika dulot ng pagabago sa ating lipunan. Mainam pa ring magkaroon ng sapat na kaalaman sa mga nauusong salita upang magamit ito ng naaayon at maiwasan ang hindi pagkakaintindihan.

**Talahanayan 3.**
**Talaan ng Mga napapanahong salita na madalas gamitin ng mga kabataan sa social media ayon sa Tiktok**

| Mga Salita | Orihinal na Salita | Kahulugan batay sa paggamit ng mga Kabataan sa Tiktok |
|---|---|---|
| amats | tama | Tumutukoy sa pagiging tipsy o nalasing nang bahagya. |
| teh/tih | ate | Pampa-cute o pabirong tawag sa kaibigan o kakilala; minsan ginagamit kahit hindi literal na “ate.” |
| mi | mommy/mami | Pampa-cute na tawag sa kaibigan o idol; katumbas ng “girl,” “bestie,” o “mother.” |
| bet | bet | Nangangahulugang *okay*, *sige*, o *agree*. |
| delulu | delusional | Tumutukoy sa taong masyadong ilusyonado o feeling may gusto sa kanya ang crush; madalas sa love-life jokes. |
| g | go/game | Ibig sabihin *sige*, *tara*, o *game*; tanda ng pagsang-ayon. |
| xd | emoji | Expression ng *matinding tawa*; ginagamit bilang kapalit ng laughing emoji. |

| | | |
|---|---|---|
| sha | siya | Pagpapaikli ng "siya"; madalas sa chat at captions. |
| u | you | Shortcut; ginagamit sa mabilisang chat, casual tone, at "texting speak." |
| nak | anak | Term of endearment; ginagamit sa pakikipagbiruan o pagpapakitang-care sa kaibigan/fans. |

Ipinalulutang ng talahanayan 3 ang mga napapanahong salita na nalikom mula sa mga komento at kapsyon (caption) ng mga tagatugon sa TikTok, batay sa Slang na ginagamit ng kabataan sa social media. Ang talahanayang ito ay naglalayong ipakita ang paraan ng pagpapahayag ng kabataan sa pamamagitan ng mga modernong termino at istilo ng wika sa digital na konteksto.

Mapapansin sa kategoryang Slang, ang mga salita ay kanilang binabago sa pamamaraang pagpapalit, pagbabaliktad at pagkakaltas. Halimbawa nito ang salitang "teh/tih" na ginagamit bilang pampa-cute o pabirong tawag sa kaibigan o kakilala mula sa orihinal na salita na "ate", "mi" na katumbas ng "girl", "bestie", o "mother" mula sa orihinal na salitang "Mommy", "nak" na tinatawag sa kaibigan o ginagamit din sa pakikipagbiruan mula sa salitang "anak". Ang mga salitang "teh/tih", "mi", "nak" ay mga modernong salitang pangkaibigan na naging popular sa Pilipinas. Ang paggamit ng "bet" para sa "agree" o "okay", at "delulu" pina-cute na anyo ng "delusional", ang "sha" sa halip na "siya", ang "xd" ginagamit bilang kapalit ng "laughing emoji".

Mapapansin din ang lantarang pagbabaliktad ng salita gaya ng "amats" sa halip na "tama" na sinamahan lamang ng letrang "s" upang mas maging kaakit-akit bigkasin at pakinggan. Sa Tiktok, malimit itong ginagamit bilang komento (tulad ng "lakas ng amats!"), ang mga Tiktok user ay humihilig sa paggamit ng "amats" dahil sa nakawiwiling vibe na ipinapamalas nito.

Mapapansin din ang ilang salita na binabawasan ng mga letra, gaya ng "g" na ginagamit bilang sige, tara, o game; tanda ng pagsang-ayon mula sa salitang "go" o "game" at "u" sa halip na "you".

Dagdag pa ni Abel et al. (2016), ang wikang balbal ay naging bahagi na ng ating lipunan at kinikilala bilang bahagi ng bokabularyong Filipino, na tumutugon sa pangangailangan ng tao sa pakikipagkomunikasyon. Ayon sa pag-aaral nina Dumapias et al. (2018), na sumangguni kay Quia et al. (2018), ang paggamit ng wikang balbal ay malaya at walang mahigpit na pamantayan; bawat indibidwal ay malaya kung paano gagamitin o bibigkasin ang salita sa isang pangungusap.

Sa modernong panahon, lalo pang nahimok ng social media ang kabataan na gamitin ang wikang balbal, na nagbigay ng malikhaing dimensyon at sining sa kanilang paraan ng pakikipagkomunikasyon. Ang pag- usbong ng wikang balbal ay bunga ng pagbabago sa sitwasyong pangwika na nararanasan ng lipunan. Ang malikhaing paggamit nito ay makikita sa masining na pagkakatahi at pagbuo ng mga salita upang makabuo ng makabuluhang salitang balbal na nagbabago sa bawat henerasyon.

Sa kasalukuyan, marami nang bagong salita ang umusbong bilang tugon sa pangangailangan ng lipunan. Kaya naman, mahalaga ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman at pang-unawa sa wikang balbal upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan. Ang malalim na pag-unawa at kaalaman sa mga salitang balbal ay magiging susi upang mapunan ang agwat sa pagitan ng wikang ginagamit ngayon ng kabataan at ng wikang kinagisnan natin.

**Talahanayan 4.**

**Talaan ng mga napapanahong initialism o chat abbreviation na ginagamit sa social media**

| **Initialism o chat abbreviation** | **Orihinal na Salita** | **Kahulugan** |
|---|---|---|
| fyp | for you page | Ibig sabihin nais nilang mapunta ang video sa FYP o main feed ng TikTok para dumami ang views. |
| ty | thank you | Pinaikling pasasalamat; ginagamit sa mabilisang reply. |
| tbh | to be honest | Ipinapahiwatig na magsasabi ng totoo o honest opinion. |
| pov | point of view | Caption na nagpapakita ng perspektibo ng manonood |
| iykyk | if you know, you know | Pahiwatig na maiintindihan lamang ng taong may alam sa sitwasyon o inside joke. |
| jk | joke | Ginagamit upang ipakitang *nagbibiro lamang* o hindi seryoso ang sinabi. |

Ipinakikita sa Talaan 4 ang mga salitang nalikom mula sa mga komento at kapsyon ng mga tagatugon sa TikTok, na kumakatawan sa mga napapanahong initialism o chat abbreviations na karaniwang ginagamit ng kabataan sa social media. Ang mga salitang ito ay kabilang sa kategorya ng akronim o initialism, na binubuo mula sa unang letra ng mga salita o parirala upang makabuo ng pinaikling anyo ng pagpapahayag (Siti & Siti, 2022).

Ayon sa pag-aaral ni Velasquez (2023), ang paggamit ng ganitong uri ng pagdadaglat ay laganap sa hanay ng mga kabataan, partikular sa Generation Z, at karaniwang makikita sa kanilang pakikipag-chat, pagte-text, at pakikilahok sa mga social media platform. Binibigyang-diin din sa naturang pag-aaral na ang mga akronim ay hindi direktang ginagamit sa pormal na wika at hindi angkop sa mga opisyal na dokumento, subalit tinatanggap at epektibo sa impormal na komunikasyon, lalo na sa pakikipag-usap sa mga kaibigan at kapwa kabataan.

Sinusuportahan ito ng binanggit ni Velasquez mula sa pag-aaral ni Chayne tungkol sa eFil sa internet, na nagpapakita na ang paggamit ng akronim at pagdadaglat ay isang mahalagang katangian ng komunikasyong online. Kaayon din ito ng paglalarawan ni Trimastuti (2017) hinggil sa slang, kung saan binibigyang-diin na ang mga salitang balbal at pinaikling anyo tulad ng ty, tbh, jk, pov, iykyk, at fyp ay karaniwang ginagamit sa social media upang mapadali at mapabilis ang proseso ng pagta-type at pagpapahayag ng mensahe.

Samakatuwid, pinatutunayan ng resulta ng pag-aaral na ang pagdadaglat at paggamit ng initialism ay nagsisilbing praktikal na estratehiya ng kabataan sa digital na komunikasyon. Ito ay hindi lamang repleksiyon ng makabagong paraan ng pakikipag-ugnayan, kundi patunay din ng patuloy na pag-angkop ng wika sa mabilis at dinamikong daloy ng komunikasyon sa social media.

### 3. Epekto ng mga Napapanahong Salita sa Bokabularyo ng mga Kabataan

Ang pag-aaral ng mga bagong salita upang mapalawak ang sariling bokabularyo ay napakahalaga. Bagama't marami tayong natututuhan mula sa ating naririnig at nababasa, bilang isang taong may pagpapahalaga sa sariling wika, mahalaga pa ring magsaliksik at maghanap ng iba't ibang paraan upang higit pang mapayaman ang bokabularyong ginagamit.

Ang social media ay isang modernong teknolohiyang nagbibigay-daan para sa mga tao mula sa iba't ibang panig ng mundo na magkonekta, makipag-ugnayan, at makalikha at makapagbahagi ng iba't ibang uri ng impormasyon. Halaw kay Tubio et. al (2017), ayon kina Howard at Parks (2012), ito rin ay nagsisilbing mahalagang kasangkapan sa komunikasyon. Sa tulong ng social media, nagkakaroon ang mga indibidwal ng mas malawak na espasyo upang ipahayag ang kanilang sarili—mga hinaing, saya, pagmamahal, kabiguan, at iba pang damdaming nais ibahagi sa kaibigan, kaklase, kapamilya, at maging sa mga taong hindi nila personal na kilala. Dahil dito, unti-unting lumitaw at umusbong ang iba't ibang makabagong salitang balbal na madalas gamitin ng kabataan sa kasalukuyan. Bunga nito, naging laganap ang paggamit ng mga naturang salita bilang mahalagang bahagi ng paraan ng pagpapahayag ng kabataan sa kanilang lipunan.

Sa pananaliksik nina Cruz at Hernandez (2018) na pinamagatang *"Social Media as a Tool for Vocabulary Enhancement: A Case Study of Grade 10 Students,"* natuklasan nila na ang paggamit ng social media ay nakapagpapataas sa antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang mga estudyanteng aktibong nakikibahagi sa mga online na talakayan at gumagamit ng social media upang magbasa ng artikulo at blog post ay nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga bagong salita at ekspresyon.

Samantala, ayon kina Cabrigas et al. (2020), ang paggamit ng wikang balbal ay may positibong epekto, gaya ng binigyang-diin ni Noval (2021) sa kanyang akdang *"Pag-usbong ng Balbal na Pansanalita bilang Modernong Wika ng Kabataan: Isang Pagsusuri."* Ipinapakita sa pag-aaral na ang karaniwang paraan ng pagbuo ng mga salitang balbal sa kasalukuyang panahon ay sa pamamagitan ng kumbinasyon. Ginagamit ito ng kabataan sa kanilang pang-araw-araw na usapan, kung saan karaniwan ang malikhaing pagpapaikli o pagbabago ng mga salita upang makipagkomunika at makisabay sa uso. Dahil dito, ang balbal ay nagiging mahalagang bahagi ng kanilang pagpapahayag at interaksyon.

Ayon naman sa paglalahad ni Saavedra et al. (2025), batay sa librong *"Wikang Filipino at Makabagong Teknolohiya: Epekto ng Social Media sa Kasanayan sa Wika ng mga Kabataan"* ni Dela Cruz (2018), malinaw na ang social media ay may malaking ambag sa pagpapalawak ng bokabularyo ng kabataan. Ang mga mag-aaral na aktibong gumagamit ng mga platapormang tulad ng Facebook at Twitter ay nagkakaroon ng mas malawak na pagkilala sa mga bagong salita at ekspresyon. Bukod dito, ang patuloy na pagharap sa iba't ibang uri ng teksto at impormasyon sa social media ay nagiging daan upang madagdagan pa ang kanilang kaalaman sa bokabularyo.

Dagdag pa, ayon sa pag-aaral nina Saavedra et al. (2025) na tumutukoy sa pahayag nina Talue et al. (2022), hindi maikakailang may mga kapaki-pakinabang na aspeto ang social networks para sa pag-unlad ng mga mag-aaral. Dahil dito, maaaring sabihing may dalawang mukha ang epekto ng social media sa tagumpay ng

mag-aaral—may mabuti at mayroon ding hindi kanais-nais. Mahalaga lamang na maging maingat at responsable ang kabataan sa paggamit nito.

Batay sa mga datos at kaugnay na pag-aaral, malinaw na may makabuluhang epekto ang mga napapanahong salita na umuusbong sa social media sa bokabularyo ng kabataan. Ang patuloy na pakikisalamuha ng mga kabataan sa iba't ibang plataporma ng social media ay nagiging daan upang sila ay makatagpo, matuto, at gumamit ng mga bagong salita at ekspresyon, kabilang ang mga salitang balbal, akronim, at pinaikling anyo ng wika. Dahil sa madalas na pagkakalantad sa ganitong uri ng wika, napalalawak ang kanilang bokabularyo at nagiging mas malikhaing ang kanilang paraan ng pagpapahayag.

Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang aktibong paggamit ng social media ay nakatutulong sa paglinang ng bokabularyo, lalo na kapag ginagamit ito sa pagbabasa, pakikilahok sa online na talakayan, at pakikipag-ugnayan sa iba't ibang tao. Sa ganitong konteksto, nagkakaroon ang kabataan ng mas malalim na pag-unawa sa kahulugan at wastong gamit ng mga bagong salita. Ang mga napapanahong salita ay nagiging bahagi ng kanilang pang-araw-araw na komunikasyon at nagsisilbing kasangkapan upang maipahayag ang damdamin, pananaw, at identidad bilang bahagi ng makabagong lipunan.

Gayunpaman, ipinakikita rin ng resulta na may dalawang mukha ang epekto ng paggamit ng mga napapanahong salita. Bagama't positibo ito sa aspeto ng pagpapayaman ng bokabularyo at malikhaing pagpapahayag, may posibilidad ding maapektuhan ang pormal na paggamit ng wika kung hindi magiging maingat ang kabataan sa konteksto ng paggamit. Dahil dito, binibigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng responsable at angkop na paggamit ng wika, lalo na sa pagkilala sa pagkakaiba ng pormal at impormal na anyo ng komunikasyon.

Sa kabuuan, ang mga napapanahong salita ay may positibong ambag sa paglawak ng bokabularyo ng kabataan, lalo na sa digital na panahon. Gayunman, kinakailangan ang balanseng paggamit at patuloy na pagpapahalaga sa wastong anyo ng wika upang matiyak na ang pag-unlad ng bokabularyo ay magiging kapaki- pakinabang at makabuluhan.

## V. KONKLUSYON

Batay sa resulta at talakay ng pananaliksik, napatunayan na ang paglaganap ng mga napapanahong salita sa social media kabilang na ang slang, akronim, at iba pang impormal o balbal na termino. Ito ay malinaw na manipestasyon ng dinamiko at patuloy na pag-unlad ng wika sa digital na komunikasyon ng kabataan. Lumitaw sa datos na pinakamarami at pinakadominante ang kategoryang slang sa lahat ng platform: sa Facebook, maraming salita ang nalikha at madalas gamitin; sa Instagram, karamihan din sa mga natukoy ay pawang slang na hango sa Ingles; at sa TikTok, mas marami ring slang kaysa initialism. Samantalang ang initialism ay lumitaw lamang sa TikTok at mas kaunti ang bilang kumpara sa slang. Ang ganitong distribusyon ay nagpapakitang ang kabataan ay mas nagiging malikhain sa pagbuo at pagbabago ng mga salita lalo na sa kategoryang slang.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng pag-aaral na ang ebolusyon ng wikang balbal sa social media ay hindi lamang usong lingguwistiko, kundi isang sosyokultural na indikasyon ng identidad, ugnayan, at pag-angkop ng kabataan sa makabagong panahon. Dagdag pa rito, lumilitaw na ang social media ay may malaking papel sa pagpapalawak ng bokabularyo ng kabataan, sapagkat ang kanilang patuloy na pagkalantad sa iba't ibang teksto at modernong ekspresyon ay nagiging daan upang umunlad ang kanilang kasanayan sa wika. Gayunpaman, kailangan pa rin ang balanseng pag-unawa sa pagitan ng pormal at di-pormal na gamit ng wika upang mapanatili ang kahusayan sa komunikasyon.

## VI. REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasang mga mananaliksik, inirerekomendang palawakin pa ang pagsusuri sa implikasyon ng paggamit ng mga napapanahong salita sa akademikong pagkatuto at pormal na komunikasyon ng kabataan. Makabubuting isama ito sa mga programang pangwika ng mga paaralan upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang wastong gamit ng pormal at impormal na wika sa iba't ibang konteksto.

Iminumungkahi rin na gamitin ng mga kabataan ang social media bilang kasangkapan sa makabuluhang paglinang ng bokabularyo, habang ang mga guro at magulang ay hinihikayat na gabayan sila upang magamit ang wika nang responsable at naaayon sa konteksto. Sa panig naman ng susunod na pananaliksik, mahalagang suriin ang pangmatagalang epekto ng social media sa pormal na kasanayang pangwika upang higit na maunawaan ang papel nito sa akademikong tagumpay at komunikasyong pangkabataan.

Dagdag pa rito ang pagsasagawa ng mga susunod pang pananaliksik na sumasaklaw sa iba pang platform ng social media at iba't ibang pangkat ng kabataan upang mas mailarawan ang lawak at lalim ng ebolusyon ng wikang balbal sa lipunang Filipino. Makabubuting tukuyin ng mga susunod na pag-aaral ang mga posibleng positibo at negatibong epekto nito sa pag-unawa, pakikipagkomunikasyon, at pagbuo ng identidad ng kabataan upang higit pang malinang ang mga hakbang sa pagpapayabong ng wika sa harap ng mabilis na teknolohikal at kultural na pagbabago.

## MGA SANGGUNIAN


[1] **Bautista, K. H., Carillo, M. L., Chikhani, W., Fontanilla, J. B., Jacinto, R. J., Lactao Jr., M., Mempin, L., Roque, E., Villacorte, M. A., Yamashita, A., & Santos, R. (2025). A semantic and morphological analysis of Filipino social media lexicon. Asian Journal of Language, Literature and Culture Studies.**

[2] **De Leon, R.** (2024). *Mga salita at terminong nabuo at nauso sa bokabularyo ngayong 2024.* Manila Bulletin. https://balita.mb.com.ph/2024/12/29/balitanaw-mga-salita-at-terminong-nabuo-at-nauso-sa-bokabularyo-ngayong-2024/

[3] **Francisco, L. N. A., & Ituralde, R. A. C.** (2025). *WikaGenZ 2: The development of language among Filipino youth*. International Journal of Research Studies in Education.

[4] **Grandez, M. B., Ablero, M. C. P., Lasala, R. M., Gomez, M. T. G., & Bonganciso, R. T.** (2023). *Forda Ferson: The morphological structure of Generation Z slang in social media*. Journal of English as a Foreign Language Teaching and Research.

[5] **Gregorio, J. A. F., Briol, S. M. R., Miraflores, R. M. B., & Biray, E. T.** (2023). *Swardspeak as a communication medium among university students: Empirical evidence from the Philippines*. IIARI Journal.

[6] **Madayag, C., Ma Theresa, & Macaltao, E.** (2025). Morpolohikal at leksikal na pagsusuri sa mga salitang b balbal ng mga mag-aaral na miyembro ng LGBT. Academia.edu. https://www.academia.edu/142913275/MORPOLOHIKAL_AT_LEKSIKAL_NA_PAGSUSURI_SA_ MGA_SALITANG_BALBAL_NG_MGA_MAG_AARAL_NA_MIYEMBRO_NG_LGBT

[7] **Mahardika, F.** (2024). *The impact of social media on the use of English slang*. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/386025374_The_Impact_of_Social_Media_On_The_Use_of_ English_Slang

[8] **Nanda, M. F. D., Panjaitan, A. A. N., Salsabila, D., & Siregar, D. Y.** (2024). *Pragmatics in social media: An analysis of the use of slang*. SEJurnal. https://sejurnal.com/pub/index.php/jim/article/view/6056/7114

[9] **Noguera, R. J. M., Ciruela, D. M. A., Benitez, M. J. L., Buo, M. J. E., Escobal, J. L. C.** (2024). *Pamamaraang Paggamit Sa Mga Salitang Balbal Ng Mga Kabataang Gen Z: Isang Elektronikong Pagsusuri*. International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, 4(7), 15–27. https://www.ijams- bbp.net/wp-content/uploads/2024/08/7-IJAMS-JULY-2024-15-27.pdf

[10] **Noval, A.** (2021). *Pag-usbong ng balbal na pananalita bilang modernong wika ng kabataan: Isang pagsusuri.* ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/346700877_Pag-usbong_ng_balbal_na_pananalita_bilang_modernong_wika_ng_kabataan_Isang_pagsusuri

[11] **Reyes, M.** (2024). *Translating Filipino slangs: Localization of neologisms*. Scientia: The International Journal on the Liberal Arts.

[12] **Saavedra, A. D., Apao, A. M., & Layam, H. M. V.** (2025). *Social media: Daan o balakid sa pagpapalawak ng bokabularyo*. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, **9**(3), 119– 126. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2025/03/M25903119126.pdf

[13] **Santiago, E.** (2024). *"Shiminet"… bakit nga ba trending at saan talaga nagsimula?* Inquirer Bandera. https://bandera.inquirer.net/394020/shiminet-bakit-nga-ba-trending-at-saan-talaga-nagsimula

[16] **Sawe, M. V.** (2025). *Digital identity and linguistic play: A study of Filipino TikTok slang among Generation Z.* International Journal of Research and Innovation in Social Science.

[17] **Suizo, C. D.** (2025). *Gen Z's language identity and contemporary philosophies in the digital era*. Journal of New Literacies and Learning.

[18] **Tubio, A. Y., Platilla, A. P., Ancheta, J. M. O., Oaña, J. R. L., Corre, J. R. J., Ochave, J. A., & Matunog, N. B. P.** (2017). Perception of grade 11 students in selected schools in Trece Martires City about the language existing on social media [Pananaw ng mga mag-aaral sa baitang 11 sa mga piling paaralan sa Trece Martires City hinggil sa umiiral na salita sa social media] [Tesis, Trece Martires Senior High S School, Cavite].